Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-70 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-28 NG NOBYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 358-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGKILALA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT ANG LAHAT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA KAY KGG. FRANCISCO S. DOMINGO SA KANYANG PAGTATAPOS NG TATLONG TERMINONG PAGLILINGKURAN BILANG PUNONG BARANGAY NG BARANGAY SAN PABLO, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** ang Punong Barangay ang nagsisilbi bilang pangunahing lider na gumaganap sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga patakaran, programa, proyekto at gawain pambarangay para sa kanyang nasasakupan;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Francisco S. Domingo ay pinagkatiwalaan at nanungkulan bilang Punong Barangay ng tatlong termino, simula 2010 hanggang 2018 sa barangay ng San Pablo;

**SAPAGKAT,** sa mahabang panahon ng kanyang panunungkulan siya ay naging katuwang ng Pamahalaang Lokal upang maitaas ang antas ng pamamahala at serbisyo publiko;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Francisco S. Domingo ay naghain ng kanyang panahon at kakayahan ng walang hinihintay na kapalit matugunan lamang ang kanyang pinaglilingkuran at masigurong nasa mabuting kalagayan ang kanyang nasasakupan tungo sa pagpapaunlad ng bawat isa;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan nito naipakita ang kanyang husay at dedikasyon sa pagseserbisyo bilang isang Punong Barangay na naging daan upang pagkalooban siya ng buong tiwala ng kanyang nasasakupan;

**SAPAGKAT,** nararapat lamang na bigyan ng pagkilala ang mabuti at mapagkalingang lider sa kanyang paglilingkuran, kaya

**Dahil dito,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Edgardo F. Domingo,** na sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**IPINASYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipahayag ang taos - pusong pagkilala ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at ang lahat ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, kay Kgg. Francisco S. Domingo sa kanyang pagtatapos ng tatlong terminong paglilingkuran bilang Punong Barangay ng Barangay San Pablo, Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. RIAN MAGLYN L. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11282023